


CITY GOVERNMENT OF IMUS

IMUS, MAHAL KONG BAYAN

# BANAAG

ISSUE 5

## ANG IKALAWANG ANIM NA BUWAN SA TAONG 2023

Imus, Mahal kong Bayan
BanAAg

# TALAAN NG NILALAMAN


3 | GOVERNANCE
7 | INFRASTRUCTURE
8 | TOURISM
12 | HEALTH
14 | OTHER SECTORS




# GOVERNANCE

## Oath-taking ng mga nanalo sa BSKE 2023 isinagawa

IMUS, Cavite — Pinangunahan ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula ang panunumpa ng mga bagong halal na opisyal ng Barangay at Sangguniang Kabataan (SK) mula sa 97 barangay noong Nobyembre 6, 2023.

Kasama rito sina Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula, Vice Mayor Homer "Saki" T. Saquilayan, at mga miyembro ng Sangguniang Panlungsod ng Imus.

Hinirang na rin ang bagong SK Federation officers kasabay ng isinagawang oryentasyon noong Nobyembre 13. Kinilalang SK President si Chelsea Sarno, Vice President si Glian Ilagan, Secretary si Lynette Alejandro, Treasurer si Amos Barco, Auditor si Christel Mecono, Public Relations Officer si Nicolas Morota, at Sergeant-At-Arms si Diwata Prijoles.

Ginanap din mula Nobyembre 7–10 ang mandatory training ng mga bagong opisyal ng SK at miyembro ng Local Youth Development Council (LYDC) sa pangunguna ng City of Imus Youth Affairs Office at SK Federation Office, katuwang ang Department of the Interior and Local Government – Imus.

Ilan sa mga tinalakay rito ang Decentralization and Local Governance, Sangguniang Kabataan History and Salient Features, Meetings and Resolution, Planning and Budgeting, at Code of Conduct and Ethical Standards upang masigurong maayos nilang magagampanan ang kanilang sinumpaang tungkulin.

Nakasaad sa Republic Act No. 10742, o ang SK Reform Act of 2015, na kinakailangang sumailalim sa isang mandatory training program ang mga opisyal ng SK at mga miyembro ng LYDC bago sila manungkulan.

# Kauna-unahang Imus City Business Conference para sa pag-ahon ng mga negosyo



IMUS City Government Center — Matagumpay na nagtapos ang kauna-unahang Imus City Business Conference na pinamagatang "AAhon ang Negosyo: Thriving in the Midst of Distress" nitong Oktubre 17, 2023 sa pangunguna ng City of Imus Local Economic Development and Investment Promotions Office (LEDIPO).

Sa pagbati ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula sa humigit-kumulang 288 negosyante, inihayag niya ang kahandaang umalalay at sumuporta sa mga negosyante sa lungsod.

"Gusto ko pong maalalayan, masuportahan ang mga negosyante, maliit man o malaki sa Lungsod ng Imus [dahil] alam ko po na lahat ay may pinagdaraanan," ani Mayor AA.

Inihalintulad din ng alkalde ang pagnenegosyo sa pag-aalaga ng halaman bilang isang negosyante.

"Dedication lang, inaalagaan natin na parang halaman ang ating negosyo—binabantayan natin, binibigyan natin ng incentives ang mga tao natin, at higit sa lahat, lagi tayong nagdarasal na sana pagpalain tayo para marami tayong matulungan," dagdag pa niya.

Nagbahagi naman ang isang negosyante, may-akda, at motivational speaker na si Mr. Jayson Lo ng kaniyang mga kaalaman patungkol sa sektor ng pagnenegosyo. Nagbigay-inspirasyon din si Mr. Lo sa mga nakilahok upang lumakas pa ang kanilang mga loob, patuloy na magsumikap na palaguin ang kanilang mga negosyo, at pagyamanin ang kanilang mga buhay.

Kasabay nito, pinagtibay din ng Pamahalaang Lungsod ng Imus at ng P.J. Lhuillier Group of Companies, na inirepresenta nina Senior Vice President Anette Tirol at Consultant CJ Fidelino, ang isang kasunduan sa pamamagitan ng Memorandum of Agreement signing. Layon ng samahang ito na matulungan pa ang mga negosyante sa Imus.

# First in CALABARZON: 1st Imus City Franchise Expo

CITYMALL Anabu, Imus — Sa pakikipagtulungan ng Pamahalaang Lungsod ng Imus sa Philippine Franchise Association, ginanap ang First Imus City Franchise Expo, na kauna-unahan din sa buong rehiyon ng CALABARZON, noong Disyembre 9, 2023.



Nakausap ng mga negosyante at nais magnegosyo ang 24 na kilalang negosyo sa bansa na maaari nilang i-franchise.

Nakasama rin sa kauna-unahang franchise expo sina Provincial Director Revelyn Cortez ng Department of Trade and Industry Cavite, Interim President Annie Jarin ng Imus City Chamber of Commerce and Industry Inc., Officer-in-Charge Marie Jenneth Vilbar-Lungcay ng Imus Local Economic Development and Investment Promotions Office, at Imus City Information Officer Ervin Ace Navarette.

# Imus LGU, naghandog ng bagong mobile sa PNP Imus at CDRRMO





IMUS City Government Center — Opisyal nang ipinagkaloob ng Pamahalaang Lungsod ng Imus ang 10 bagong mobile ng Imus Pulis, dalawang mobile ng Special Weapons and Tactics (SWAT) Team, at dalawang bagong sasakyan ng rescue team ng Imus City Disaster Risk Reduction and Management Office (CDRRMO) nitong Nobyembre 6, 2023.

Sa kaniyang pagbati, nakiusap si City Mayor Alex "AA" L. Advincula na pakaingatan hindi lamang ang mga bagong mobile kung 'di pati na rin ang kaligtasan ng mamamayang Imuseño.

"Ito pong ibibigay ng city government na mobile, sana po ay magamit at maramdaman ng ating bayan na safe sila. At ang aking bilin . . . sana ay panatilihin ang pagiging malinis; sana ay panatilihin ang pagtigil sa tamang titigilan," saad ni Mayor AA.

Ang pagbabasbas ay pinangunahan ni Father Benjie Francisco, kasama sina Vice Mayor Homer T. Saquilayan, mga miyembro ng Sangguniang Panlungsod ng Imus, Imus Pulis, at ang Imus CDRRMO.

Bago matapos ang kaniyang maikling talumpati, pinaalalahanan din ng alkalde ang kaniyang mga kapwa serbisyo publiko na maging tapat sa kanilang paglilingkod.

"Sana ay maging huwaran tayo sa ating mga kababayan, at sana huwag na huwag maabuso ang ating mga kababayang Imuseño," pagtatapos ni Mayor AA.



# KAALAY SA UNDAS 2023

IMUS, Cavite — Inalalayan ng Pamahalaang Lungsod ng Imus ang mga Imuseñong bumisita sa kanilang mga namayapang mahal sa buhay sa iba't ibang sementeryo sa Imus ngayong Undas 2023.

Kasabay ng pagbisita ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula sa puntod ng kaniyang mga magulang, kinumusta rin ng alkalde ang mga Imuseñong dumalaw sa Toclong Public Cemetery, Angelus Eternal Garden, Eden Memorial Park, Alapan Public Cemetery, Rita Samson Memorial Garden, at Garden of Tranquility.

Umalalay rin ang Pamahalaang Lungsod sa publiko sa pamamagitan ng pagbibigay ng libreng tubig, kape, wheelchair assistance, first aid, at phone charging stations sa mga itinalagang command post ng Imus City Disaster Risk Reduction and Management Office.



# Bagong halal na LNB officers sa Imus, hinirang na

IMUS City Government Center — Hinalal na ang mga bagong opisyal ng Liga ng mga Barangay (LNB) sa Imus nitong Disyembre 15, 2023. Pinangungunahan ito ni Kap. Reymundo G. Ramirez na nahalal bilang presidente.

Bahagi rin ng mga opisyal sina Vice President Kap. Gina Hynson at Auditor Kap. Imelda Kamantigue. Kinabibilangan naman ang Board of Directors sina Kap. Marc Albert Barzaga, Kap. Zosimo Camia Jr., Kap. Hilario Constantino, Kap. Redentor Crisologo, Kap. Rommel Nas, Kap. Silvestre Nato, Kap. Pedro Parnala, at Kap. Joey Sarte.

Binabati ng Pamahalaang Lungsod ng Imus ang mga bagong halal na LNB officers na kaisa na ngayon sa paglilingkod sa mamamayang Imuseño!

# Public hearing ukol sa ika-5 General Revision of Assessment and Property Classification sa Imus isinagawa



IMUS City Government Center — Idinaos ng Sangguniang Panlungsod ng Imus, sa pangunguna ni City Vice Mayor Homer T. Saquilayan, nitong Setyembre 19, 2023 ang public hearing patungkol sa pagbabago ng halaga ng mga lupain at ari-ariang hindi natitinag sa Imus na sisimulang ipatutupad sa susunod na taon.

Nakasama rin sa naturang hearing si City Mayor Alex "AA" L. Advincula na pinakinggan ang mga kuro-kuro ng mga dumalo.

Napag-usapan dito ang amilyar at ang paraan ng komputasyon nito na kinabibilangan ng market value o ang pinaiiral na kalakarang presyo sa isang lugar, assessment level base sa klasipikasyon ng ari-arian, assessed value o halaga ng ari-arian, at ang ipinapataw na 2.1 percent tax rate.

Tinalakay rin ang kahalagahan ng pangongolekta ng buwis na siyang nagpapatakbo sa isang lugar at kung paano ito ginugugol ng pamahalaan.

Bukod sa pag-unlad ng Imus, pinag-usapan din ang mga ligal na basehan ng ika-5 pangkalahatang pagrebisa ng pagtatasa at klasipikasyon ng mga ari-ariang hindi natitinag.

Ang mga ito ay ang pagkaantala bunsod ng pagiging isang lungsod ng Imus at ang pagsasailalim sa bansa sa State of Health Emergency dulot ng pandemyang COVID-19, ibinabang kautusan ng Bureau of Local Government Finance Region IV-A na magsagawa ng updated general revision of fair market value, at ang tumataas na kabuuang gastusin ng Pamahalaang Lungsod dahil sa patuloy na paglaki ng populasyon nito.

Sa kabila ng pagbabago sa binabayarang amilyar, sinisiguro ng Pamahalaang Lungsod ng Imus na naibabalik nito ang buwis ng taong-bayan sa pamamagitan ng mga serbisyo, programa, at proyektong patuloy na mag-aangat sa antas ng buhay ng mga mamamayang Imuseño.




# INFRASTRUCTURE

## Mayor AA, binisita ang Imus Public Market

IMUS, Cavite — Ininspeksyon ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula ang itinatayong bagong gusali sa Imus Public Market noong Hulyo 11, 2023.

Kasama si Economic Enterprise and Management Office Head Nestor Camantigue, sinuri ni Mayor AA ang plano at ang kasalukuyang lagay ng proyekto.

Isa ito sa mga hakbang ng Pamahalaang Lungsod ng Imus upang mapaganda ang naturang pampublikong pamilihan.




## 2 barangay multipurpose halls ng Imus, pinasinayaan

IMUS, Cavite — Sa pagtutulungan ng Pamahalaang Lungsod ng Imus at ng tanggapan ni Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula, pormal nang binuksan ang barangay multipurpose halls ng Toclong I-C at Alapan I-C nitong Hulyo 28, 2023.

Sa mensahe ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula, inihabilin niya ang maayos at tamang paggamit ng mga bagong barangay hall para sa paglilingkod sa kanilang mga nasasakupan.

Binigyang-diin din ng alkalde na ang mga sunod-sunod na proyektong imprastraktura sa Imus ay produkto ng pagkakaisa ng mga lider nito.

Bahagi rin ng naturang inagurasyon ang mga miyembro ng Sangguniang Panlungsod at ang mga punong barangay na sina Kapitan Rene Escobar at Kapitan Ronaldo Marcial.




## AAngat Ang Imus City ID, inilunsad

IMUS, Cavite — Ipinalabas na ang bagong City ID ng Pamahalaang Lungsod ng Imus noong Agosto 4, 2023 sa pamamagitan ng opisyal na Facebook page ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula.

Tampok sa AAngat Ang Imus City ID ang mga makasaysayang lugar sa lungsod, ang mga talentadong Imuseñong mang-aawit at mananayaw, ilang mga programang isinasagawa ng lokal na pamahalaan, at ang naggagandahang ngiti ng mga Imuseño.

Ang Lungsod ng Imus ay ang kinikilalang "Flag Capital of the Philippines" dahil dito unang iwinagayway ang watawat ng Pilipinas noong Mayo 28, 1898 sa Labanan sa Alapan.




## Fiesta ng Imus 2023: LaBANDnan ng musikang talento ng mga Imuseño

IMUS CITY PLAZA — Paglinang sa musikang talento ng mga Imuseño ang sentro ng pakikiisa ng Pamahalaang Lungsod ng Imus sa bisperas ng Kapistahan ni Nana Pilar nitong Oktubre 11, 2023.

Tampok ngayong taon sa programang "Fiesta ng Imus: Ating-Atin ito! Araw ng Laro, Kanta, Sayaw at Saya!" ang labanan ng pitong bandang Imuseño sa patimpalak na "laBANDnan sa Imus" na pinangunahan ng Imus City Tourism and Heritage Office.

Nagpasiklaban dito ang mga banda sa pagtatanghal ng sarili nilang rendisyon ng mga awiting Original Pilipino Music (OPM) at ng sariling komposisyon ng mga awiting patungkol sa Imus.

Sa pagbati ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula, inilahad niya na bukod sa mga papremyo ay tutulungan din ng Pamahalaang Lungsod ng Imus na malinang pa ang talento ng tatlong bandang magwawagi sa patimpalak.

Hinirang bilang kampeon ang bandang The Mars na nakatanggap ng tropeo at P60,000 mula sa lokal na pamahalaan at kay Mayor AA.

Itinanghal na Second Place ang Clinomania na nag-uwi ng P50,000 at Third Place ang Caskaseros na iniuwi ang P40,000. Ginawaran naman ang bandang Distrito na isinulat ang kantang "Kabataang Imuseño" ng Best Song Composition at nagkamit ng P10,000.

Nakatanggap din ng consolation prize na P15,000 ang mga bandang Ojnab, Distrito, Seoula, at Kapitulo, kung saan ang P10,000 rito ay nagmula kay Mayor AA.

Ipinahayag din ng alkalde na bukas ang kaniyang tanggapan para suportahan at malinang ang talento ng mga Imuseño sa iba't ibang larangan.

Sa parehong araw, pinarangalan ng Plake ng Pagpapahalaga si Mayor AA ng Junior Chamber International Imus Haligue bilang pasasalamat sa suportang ipinagkaloob niya sa ika-43 Karakol ng Imus.

Nakisaya rin sa pagdiriwang sina Board Member Ony Cantimbuhan, Vice Mayor Homer T. Saquilayan, at mga miyembro ng Sangguniang Panlungsod ng Imus.

Bilang taunang debosyon, nakilahok din si Mayor AA at BM Ony sa pagbubuhat ng andas ni Nuestra Señora del Pilar.

Tuwing Oktubre 11 at 12 ay ginugunita ng mga debotong Imuseño ang Kapistahan ni Nuestra Señora del Pilar o Nana Pilar, patrona ng Diyosesis ng Imus, sa pamamagitan ng pakikilahok sa karakol at banal na misa.



## Tanglaw sa Paskong Imuseño: Taon ng Pasasalamat at Pagkakaisa

IMUS, Cavite — Maingay, makulay, at masaya – ganito marahil mailalarawan ang pagdiriwang ng Pamahalaang Lungsod ng Imus sa Tanglaw sa Paskong Imuseño ngayong Disyembre 2023.

Sa temang "Taon ng Pasasalamat at Pagkakaisa," iba't ibang regalo ang inihandog nina City Mayor Alex "AA" L. Advincula, Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula, Vice Mayor Homer "Saki" T. Saquilayan, at ng Sangguniang Panlungsod ng Imus sa mga Imuseño.

## Libreng Concert, Christmas Lighting Ceremony, at AAsenso ka sa Buwis na Binayad Mo Raffle Draw

IMUS, Cavite — Maagang pamasko ang hatid ng Pamahalaang Lungsod ng Imus sa mga Imuseño sa ginanap na libreng concert noong Disyembre 1, 2023 sa City of Imus Grandstand and Track Oval.

Tampok dito ang performances ng sikat na Original Pilipino Music (OPM) bands na Ben&Ben, December Avenue, at The Itchyworms, habang pinatunayan din ng mga musikerong Imuseñong The Mars at Lizzie Aguinaldo ang kanilang galing sa musika at pag-awit.

Nagliwanag naman ang kalangitan sa inihandang fireworks display na sinabayan ng pag-awit ng vocal ensemble na VocalissImus.

ipagpatuloy sa pahina 10

**Mula sa pahina 9**

Opisyal na ring pinailawan ang naggagandahan at kumukuti-kutitap na Christmas lights at mga dekorasyon sa Imus City Plaza, kasabay ng pagbabalik ng ImuSaya at Sarap Food Bazaar gayundin ang pagdaraos ng isang variety show.

Nagbigay rin ng maagang pagbati ngayong Kapaskuhan sina City Mayor Alex “AA” L. Advincula at Congressman Adrian Jay “AJ” C. Advincula.

Pinasalamatan nila sina Governor Jonvic Remulla at Congressman Bryan Revilla sa kanilang pagdalo at patuloy na suporta sa mga programa at proyekto sa Imus.

Sa parehong araw, isinagawa ang raffle draw sa programang “AAsenso ka sa Buwis na Binayad Mo! Raffle Promo” kung saan wagi si Katherine S. Salcedo na matanggap ang pinakamalaking papremyong nagkakahalagang isang milyong piso.

Napunta naman sa MediCard Philippines, Inc. ang P500,000 at sa Mighty Knight Steel Corporation ang P300,000 na pangalawa at pangatlong premyo.

Samantala, 24 Imus taxpayers ang napanalunan ang P50,000, habang 50 naman ang nakatanggap ng in-kind consolation prizes.

Nagpahiwatig din sina Mayor AA at Cong. AJ sa tuloy-tuloy nilang paghahandog ng mga libreng concert at sa muling pagsasagawa ng "AAsenso ka sa Buwis na Binayad Mo! Raffle Promo” para sa Imus Taxpayers.




IMUS City Government Center — Sa kauna-unahang pagkakataon, binuksan ang New Imus City Government Center mula ika-lima hanggang ika-sampu ng gabi sa publiko noong Disyembre 1, 2023 upang masilayan ang mga nagniningning at makukulay na palamuti rito ngayong Kapaskuhan.

Mananatili itong bukas araw-araw hanggang Enero 6, 2024.

## Libreng Kakanin sa Simbang Gabi handog nina Cong. AJ, Mayor AA, at ng Imus LGU

IMUS, Cavite — Muling nagbalik ang Libreng Kakanin sa Simbang Gabi na handog nina Congressman Adrian Jay “AJ” C. Advincula, City Mayor Alex “AA” L. Advincula, at ng Pamahalaang Lungsod ng Imus sa mga Imuseñong dumalo sa mga misa.

Araw-araw, mula Disyembre 16 hanggang 24, 2023, ipinamahagi ang libreng puto bumbong, bibingka, suman, at iba pa sa apat na simbahan sa Imus.



**Ipagpatuloy sa pahina 11**




## Libreng Kakanin sa Simbang Gabi handog nina Cong. AJ, Mayor AA, at ng Imus LGU

**Mula sa pahina 10**

Kabilang na rito ang bagong bukas na simbahang naitayo, sa tulong nina Congressman AJ at Mayor AA, na St. Joseph the Worker Church sa Brgy. Malagasang I-G tuwing ikasiyam ng gabi pagkatapos ng misa.

Namahagi rin ng kakanin sa Katedral ng Imus sa ganap na ikalima at tatlumpu ng umaga, sa St. Martha Parish Church sa Greengate Homes, Brgy. Malagasang II-A at sa St. James the Greater Parish sa Villa De Primarosa Subd., Barangay Buhay na Tubig tuwing ikalima naman ng umaga.

Hatid din nina Mayor AA at Cong. AJ ang tradisyong panggigising ng mga banda sa mga dumalo sa simbang gabi sa pamamagitan ng pagtugtog ng Imus Youth Symphonic Band sa mga kabahayan malapit sa Katedral ng Imus at ng Commonwealth Band No. 1 malapit sa St. Martha Parish Church at sa St. James the Greater Parish.

Hangad ng Pamahalaang Lungsod ng Imus na nabigyang-tanglaw ang pagninilay-nilay at pag-alaala ng kapanganakan ng Panginoong Hesukristo sa pagsisimba ng mga Imuseñong Katoliko.



## Christmas Bags Distribution

IMUS, Cavite — Pinangunahan ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula ang paunang pamamahagi ng Christmas Bags sa mga Imuseño nitong Disyembre 16, 2023 sa Brgy. Alapan I-A.

"Ito kasi ay gusto kong mangyari taon-taon dahil kahit papano, gusto kong maiparamdam sa ating mga kababayan na may kaunting regalo ang City Government" pahayag ni Mayor AA.

Ibinahagi rin ng alkalde na ang bawat pamilya ay makatatanggap ng Christmas Bag na naglalaman ng tatlong kilong bigas, spaghetti pack, noodles, keso, at de latang giniling, corned beef at meat loaf.

Sa pamamagitan nito, hangad ni Mayor AA na mapatunayan at maiparamdam sa mga Imuseñong laging nariyan ang Pamahalaang Lungsod upang alalayan at tulungan sila.

"Ito lang ho 'yong nagpapatunay na ang Pamahalaang Lungsod ay naigagapang natin nang dahan-dahan. Nagtitipid po kami sa City Hall nang sa gayon ay mapakinabangan ng ating mga kababayan 'yung natitipid naming pondo, [at] maramdaman ng bawat Imuseño na may gobyernong aalalay at tutulong, lalong-lalo na sa oras ng pangangailangan," ani Mayor AA.

Ang pamamahagi ng Christmas grocery packs ay taunang handog nina Mayor AA, Congressman Adrian Jay "AJ" Advincula, Vice Mayor Homer "Saki" Saquilayan, at ng buong Pamahalaang Lungsod ng Imus.




## Christmas Concerts ng Imus Youth Symphonic Band ’83 Inc. at ng Commonwealth Band No. 1

IMUS, Cavite — Himig ng masasayang tugtugin ng Kapaskuhan ang inihandog ng mga marching band na Imus Youth Symphonic Band ’83 Inc. at ng Commonwealth Band No. 1 sa kanilang libreng Christmas concert nitong Disyembre 17 at 30, 2023 sa Imus City Plaza.

Hiling ng Pamahalaang Lungsod ng Imus na napuno ng pag-iibigan, pasasalamat, at pagkakaisa ang pagdiriwang ng Kapaskuhan ng mamamayan sa inihatid nitong Tanglaw sa Paskong Imuseño.




## Operation Tuli 2023, matagumpay na isinagawa ng tanggapan ni Cong AJ

IMUS, Cavite — Humigit-kumulang 1,400 kabataang Imuseño ang sumailalim sa libreng Operation Tuli ni Congressman Adrian Jay “AJ” C. Advincula mula noong Hulyo 3 hanggang Agosto 1, 2023.

Hatid ito ng Ikatlong Distrito ng Cavite upang matulungan ang mga magulang na maipatuli ang kanilang mga anak nang hindi gumagastos.

Kabalikat sa tagumpay ng programa ang Pamahalaang Lungsod ng Imus, City Health Office, Ospital ng Parañaque II, Pasay – Parañaque Medical Society, Philippine National Police Academy Sinaglaya Class 2002, MPCALA Holdings Inc., at volunteers.

Ang Operation Tuli 2023 ay bahagi ng mga hangarin ni Cong. AJ na mabigyan ng libreng serbisyong medikal ang kaniyang mga nasasakupan.

# Imus Birthing Home, nakapagpaanak na ng dalawang sanggol



IMUS, Cavite — Personal na binisita ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula ang dalawang kauna-unahang sanggol na ipinanganak sa City of Imus Birthing Home noong umaga ng Agosto 16, 2023.

Kinilala ang malulusog na sanggol na sina baby Brianna Sai Alexie na isinilang pasado ikaapat ng umaga at baby Alexandra na isinilang pasado ikasiyam at tatlumpu ng umaga.

Maayos naman ang lagay ng kanilang mga nanay na sina Arbielyn at Camela.

Bukas ang Birthing Home sa loob ng 24 na oras upang magbigay ng ligtas at libreng konsultasyon at panganganak sa mga Imuseñong nagbubuntis.



# Nanay na Imuseño, Hakab na! Year 4 ngayong Breastfeeding Awareness Month

CITYMALL Anabu, Imus — Idinaos ang "Nanay na Imuseño, Hakab na! Year 4" nitong Agosto 30, 2023 sa pagtutulungan ng Imus City Health Office – Nutrition at ng Local Council for the Protection of Children (LCPC) bilang pakikiisa ng Pamahalaang Lungsod ng Imus sa selebrasyon ng National Breastfeeding Awareness Month 2023 noong Agosto.

Ang pagdiriwang ngayong taon ay nakasentro sa pagsusulong ng ligtas na pagpapasuso ng mga manggagawang Pilipina.

Tinalakay sa 150 breastfeeding mothers ang mga benepisyo sa kalusugan ng eksklusibong pagsuso sa unang anim na buwan ng mga sanggol.

Ipinaalam din sa mga manggagawa ang kanilang karapatan na magpasuso maging sa kanilang mga opisina na nakapaloob sa Republic Act No. 10028, o ang "Expanded Breastfeeding Promotion Act of 2009."

Itinama rin ni Nutritionist Dietician Liberty Guzman ng Provincial Health Office ang ilang maling impormasyon ukol dito at iba pang impormasyong makatutulong sa mga nanay.

Ibinahagi naman ni Ms. Iris Peña, isang breastfeeding advocate mula sa South PiNanays Advocates, ang kaniyang mga pinagdaanan sa pagpapasuso, habang nagbigay ng ilang puntos ang city dentists kung paano naman mapangangalagaan ang mga ngipin ng mga sanggol.

# SOCIAL SERVICES

- 17 rescue boats, ipinamahagi ng Pamahalaang Lungsod ng Imus
- Kauna-unahang AAngat Livelihood Training Center at bagong Bahay Bulilit sa Imus, binuksan na sa publiko
- Pamamahagi ng relief goods sa 78 pamilyang inilikas dahil sa habagat
- 30,000 school bags at supplies, ipinamahagi
- 85 pamilyang nasunugan sa Imus, nakatanggap ng tulong mula sa NHA
- 3,213 Imuseño, nabigyan ng tulong pinansyal
- Kauna-unahang Livelihood Skills Training para sa mga PWD isinagawa
- 2023 Elderly Filipino Week: Libreng serbisyong alay ng Imus LGU sa mga lolo at lola
- Imus LGU, naghandog ng bagong mobile sa PNP Imus at CDRRMO
- Sugod Bahay, muling sinimulan ni Mayor AA
- Pangkabuhayang AAsenso Ka, handog ng Imus LGU sa 30 Imuseño
- 281 PWD, pinagkalooban ng tulong pinansyal ng Imus LGU

# EDUCATION

- City College of Imus, nagsagawa ng malawakang Community Outreach program
- Ikalawang batch ng Career Forward Training ng TaskUs at Imus, nagtapos na
- 80 batang Imuseño, nahasa ang kasanayang bumasa sa programa ng Imus City Public Library na "Tayo Na't Magbasa: A Library Reading Program for Struggling Learners"
- Ikalawang batch ng tech-voc students ng CCI, nagsipagtapos
- Mayor AA, dumalo sa Angat ang may Abilidad Showcasing of Skills ng CCI

# SPORTS

- Cluster 5 at 9, kampeon sa 1st Cong. AJ Cup Inter-cluster Volleyball Tournament
- Dunong at Lakas: Pagkilala sa mga atletang Imuseño

# YOUTH

- Imus Youth Month 2023: Usaping kapaligiran at klima para sa kinabukasan ng bayan
- 289 kabataang Imuseño lumahok sa Junior Business Leader Summit 2023

# NATIONAL CHILDRENS MONTH

- 2-day Young Filmmakers Workshop
- Book Character Costume Competition – My Favorite Book Character: Dressing Up and Acting Out Year 3!
- Eskwela Kooperatiba Engagement Forum
- 2023 Youth Financial Literacy Festival
- Local State of the Children's Report 2023
- Film Viewing and Library Orientation
- 5th Youth Leaders' Summit
- Kiddie-lympic 2023 Championship

# 18-DAY CAMPAIGN TO END VAW

- The Orange Exhibit: Journey Towards a VAW-free Philippines
- CineJuana: Salamin ng Karahasan sa Kasalukuyan
- United Juana: A Basic Life Support and A Self-Defense Training
- Understanding Republic Act No. 11313 seminar
- Barangay GAD Focal Point System Orientation

# AWARDS AND RECOGNITION

• Plaque of Recognition for the delivery of social welfare and development programs and services to the senior citizens in the province of Cavite, Office of the Provincial Social Welfare and Development Office
• Certificate of Recognition to Ospital ng Imus for its 100% Reporting Rate in Surveillance Response in Fight against the COVID-19 Pandemic (Hospital Category) in the year 2023 from the Provincial Office-Epidemiology and Surveillance Unit in partnership with DOH Calabarzon Regional
• Child-Friendly Local Governance Audit Passer in the 2022 Child-Friendly Local Governance Audit (CFLGA)
• Rank 1 in Government Efficiency at the Provincial Level (Component Cities) in the 3rd Cavite Cities and Municipalities Competitiveness Index Provincial Post-Evaluation and Recognition of the Department of Trade and Industry Cavite
• Rank 1 in Resiliency at the Provincial Level (Component Cities) in the 3rd Cavite Cities and Municipalities Competitiveness Index Provincial Post-Evaluation and Recognition of the Department of Trade and Industry Cavite
• Rank 3 in Economic Dynamism at the Provincial Level (Component Cities) in the 3rd Cavite Cities and Municipalities Competitiveness Index Provincial Post-Evaluation and Recognition of the Department of Trade and Industry Cavite
• Rank 3 in Innovation at the Provincial Level (Component Cities) in the 3rd Cavite Cities and Municipalities Competitiveness Index Provincial Post-Evaluation and Recognition of the Department of Trade and Industry Cavite
• Seal of Good Local Governance 2023 Awardee
• Beyond Compliant Rating in the 23rd Gawad KAlamidad at Sakuna LAbanan, SAriling Galing ang Kaligtasan (KALASAG) Seal and Special Awards for Excellence in Disaster Risk Reduction and Management (DRRM) and Humanitarian Assistance
• First Runner-up in the Best Environmental Practices Audio-Visual-Making Contest of the Department of the Interior and Local Government – Manila Bay Clean-up, Rehabilitation, and Preservation Program
• Hirang Award to City of Imus Molecular Laboratory (now City of Imus Diagnostic Laboratory) in recognition and celebration of its exemplary commitment and compassionate services demonstrated by offering COVID-19 testing services to Overseas Filipino Workers (OFWs) during the COVID-19 pandemic
• Top Laboratory with Exemplary Best Practices Award to City of Imus Diagnostic Laboratory in honor and recognition of its outstanding achievements as one of the Top 10 organizations
• Plaque of Recognition for its Exemplary Solid Waste Management Practice in “Upcycling and Craft Production” in the Environmental Summit of the Department of Environment and Natural Resources Office (DENR)
• Outstanding Sangguniang Kabataan Federation – Imus Sangguniang Kabataan Federation in the 2023 Gawad Pawid Awards
• Finalist in the Outstanding Local Youth Development Office in the 2023 Gawad Pawid Awards of the Cavite Provincial Youth Development Office
• Hall of Fame Award to Imus City Public Library in the 2023 Gawad Pampublikong Aklatan of the National Library of the Philippines and The Asia Foundation
• 2022 Most Diligent Public Library in the Philippines in the 2023 Gawad Pampublikong Aklatan of the National Library of the Philippines and The Asia Foundation
• Functional Peace and Order Council (POC) FY 2022 in the yearly performance audit of POCs in the CALABARZON Region
• 2023 Children’s Librarian of the Year Award (Public Library Category – First Place) in the 11th Conference on Children and Young Adult Librarianship of the National Library of the Philippines



CITY OF **IMUS**

# EDITORIAL BOARD

**Editor-in-Chief:**
Ervin Ace H. Navarette

**Managing Editor:**
Nikki Elline C. Barco

**Head Writer:**
Francesca Mandac

**Art Director:**
Elai Lardizabal
Ron Diaz

**Photo Credits:**
City Information Office
City Tourism and Heritage Office
Office of the Congressman

IMUS CIO
CITY INFORMATION OFFICE

Inilathala ng:
**IMUS CITY INFORMATION OFFICE**
2F Imus City Goverment Center | Email: imuscityinformationoffice@gmail.com
www.cityofimus.gov.ph